REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-229

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGTANGKILIK BILANG ANAK (ADOPTED SON) NG BAYAN NG MUNTINLUPA SI G. FLORENCIO G. CIRIACO, JR.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, di mapapasubalian na si G. Ciriaco bagama't di-taga Muntinlupa ay nangingibabaw ang kanyang walang pag-iimbot na pagtulong para sa kapakanan nitong Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, sa kanyang panunungkulan bilang Tagatasang Pambayan ay gumanda at tumaas ang antas ng pananalapi ng pamahalaang bayan sa pamamagitan ng maayos at mabuting paniningil ng buwis sa mga ari-ariang di-natitinag;

SAPAGKAT, ang karagdagang gawain bilang Pansamantalang Pambayang Tagapangasiwa ay di-naging sagabal upang mabawasan ang mabuting ginagawa bagkus ang ibayong kasipagan sa panunungkulan ang ipinamalas para sa kabutihan ng pamahalaang bayan at ng pamayanan sa kabuuan;

SAPAGKAT, ang paglilingkod ng buong galing, sipag, katapatan at kababaan ng loob ni G. Ciriaco ay tunay na kapuri-puri para sa isang lingkod ng bayan;

SAPAGKAT, si G. Ciriaco ay isang mabuting halimbawa na lingkod-bayan na dapat pamarisan ninuman dahil ang kapakanang pansarili ay isinasantabi at ang tanging hinangad lamang ay magampanan ang mga gawaing iniatang sa kanya ng buong kahusayan at katapatan;

SAPAGKAT,maraming mga makabuluhan at mabiyayang proyektong pambayan ang kanyang isinagawa at pinangunahan;

SAPAGKAT, higit na naging produktibo ang bawat tanggapan at mga kawani bunga ng kanyang mahusay na pamamalakad bilang Pambayang Tagapangasiwa.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng isang kapasiyahan na nagsasaad ng pagtangkilik bilang anak (adopted son) ng Bayan ng Muntinlupa si G. Florencio G. Ciriaco, Jr.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 179th regular na pulong na ginanap ngayong ika-18 ng Nobyembre 1991, sa Bulwagan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN F. NIEFES
Konsehal

KGG. KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts